



**Mga Usapin Hinggil sa
Pag-ayuno,
Salátu At-Taráwih,
at *Zakát***



Akda ni:
Sheikh Muhammad Bin Salih Ibn Uthaymín رَحْمَةُ اللَّهِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Sa lahat ng mga pangalan ng Alláh *سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى*, si *Rahmán* (*الرَّحْمَنُ*) — ang maawain, si *Rahím* (*الرَّحِيمِ*) — ang mahabagin.

Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay natatangi sa Alláh *سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى* lamang, pagpupuri at pasasalamat na naaangkop sa Kaniyang kataas-taasan, Siya ang hinihingian natin ng tulong, Siya ang hinihingian natin ng tawad, at sa Kaniya tayo nagpapakupkop mula sa kasamaan ng ating mga sarili at gawain. Sinuman ang nais na gabayan ng Alláh *سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى* ay walang sinuman ang makapagligaw sa kaniya. At sinuman ang nais na iligaw ng Alláh *سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى* ay walang sinuman ang makapaggabay sa kaniya. At ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Alláh *سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى* at sumasaksi na si Muhammad ay isang alipin at propeta ng Alláh *سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى*, sumakaniya nawa ang puri at kapayapaan ng Alláh *سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى*, at maging sa kaniyang pamilya at mga kasamahan, at sa sinumang sumusunod nang mabuti sa kanilang mga yapak.

Napapanahon sa pagsapit ng mapagpalang buwan ng Ramadan ang nais kong maibahagi sa mga kapatid nating muslim ang mga sumusunod na usapin. Hinihiling ko sa Alláh *سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى* na gawin nawang dalisay at malinis ang gawain kong ito, at umaayon sa Kaniyang batas, at magdulot ng kapakinabangan sa mga nilalang. Tunay na Siya si *Jawád* at si *Karim* – ang pinakamabait at mapagbigay.

Una: Hinggil sa batas ng pag-ayuno.

Pangalawa: Hinggil sa mga dunong at dulot nitong kabutihan.

Pangatlo: Hinggil sa pag-ayuno ng isang maysakit at manlalakbay.

Pang-apat: Hinggil sa mga nakasisira sa pag-ayuno.

Panglima: Hinggil sa *Salátu At-Taráwih*.

Pang-anim: Hinggil sa *Zakát* at dulot nitong kabutihan.

Pampito: Hinggil sa mga pagbibigyan ng *Zakát*.

Pangwalo: Hinggil sa *Zakátul Fitr*.

Una: Hinggil sa Batas ng Pag-ayuno

Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan ay isang obligasyon na pinatutunayan ng *Qur-án*, *Sunnah* ng Propeta صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ at *Ijmá'*¹;

Sinabi ng Alláh سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا كُتِبَ عَلَيْكُمُ الصِّيَامُ كَمَا كُتِبَ عَلَى الَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ﴿١٨٣﴾
 أَيَّامًا مَّعْدُودَاتٍ فَمَن كَانَ مِنكُم مَّرِيضًا أَوْ عَلَى سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ وَعَلَى الَّذِينَ يُطِيقُونَهُ فِدْيَةٌ طَعَامُ
 مِسْكِينٍ فَمَن تَطَوَّعَ خَيْرًا فَهُوَ خَيْرٌ لَهُ وَأَن تَصُومُوا خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿١٨٤﴾ شَهْرَ رَمَضَانَ الَّذِي أُنزِلَ فِيهِ
 الْقُرْآنُ هُدًى لِّلنَّاسِ وَبَيِّنَاتٍ مِّنَ الْهُدَى وَالْفُرْقَانِ فَمَن شَهِدَ مِنكُمُ الشَّهْرَ فَلْيَصُمْهُ وَمَن كَانَ مَرِيضًا أَوْ
 عَلَى سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ يُرِيدُ اللَّهُ بِكُمُ الْيُسْرَ وَلَا يُرِيدُ بِكُمُ الْعُسْرَ وَلِتُكْمِلُوا الْعِدَّةَ وَلِتُكَبِّرُوا اللَّهَ
 عَلَى مَا هَدَاكُمْ وَلَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿١٨٥﴾﴾

“183. O kayong mga nanampalataya sa Alláh سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى inobliga sa inyo ang pag-ayuno (pagpuása) tulad ng pag-obliga nito sa mga nauna sa inyo (sa mga Hudyo at Kristiyano); upang kayo ay magkaroon ng takot sa Kaniya.

184. Sa loob lamang ng bilang na mga araw. Sinuman sa inyo ang may-sakit o nasa paglalakbay; maaari niya itong ipagpaliban sa ibang mga araw ayon sa bilang ng araw ng kaniyang pagpaliban. At sa sinumang mahirap na sa kanila ang pagpuása; marapat lamang na magpakain sila ng mga mahihirap bilang kapalit ng mga araw na nakaligtaan. At sinuman ang nais na gumawa ng karagdagan kabutihan ay mas mabuti sa kaniya. Datapwa't ang mag-ayuno kayo ay mas mainam sa inyo, kung inyo lamang nababatid.

185. Ito ang buwan ng Ramadan, sa buwan na ito ipinahayag ang *Qur-án* bilang gabay sa sangkatauhan, liwanag sa katotohanan at pamantayan ng tama at mali. Sinuman sa inyo ang umabot sa buwan na ito ay obligadong mag-ayuno. At sinuman ang may-sakit o nasa paglalakbay; maaari niya itong ipagpaliban sa ibang mga araw ayon sa bilang ng araw ng kaniyang pagpaliban. Hinahangad ng Alláh سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى na maging madali para sa inyo ang pag-ayuno at hindi Niya hangad na pahirapan kayo sa pagsabatas ng puása. At hinahangad Niya na kumpletuhin ninyo ang itinakdang mga araw ng pag-aayuno at dakilain ninyo ang Alláh سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى sa inyong pagtatapos bilang pasasalamat sa paggabay Niya sa inyo; magpasalamat kayo sa Kaniya.”

¹ ang pagkakasundo at pagkakaisa ng mga paham at pantas-Islamiko.

At sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: “Binubuo ang Islam ng limang haligi :

1- ang pagsaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Alláh ﷻ at pagsaksi na si Muhammad ay propeta ng Alláh ﷻ,

2- ang pagtatayo ng limang beses na Saláh,

3- ang pamimigay ng taunang Zakát,

4- ang pagsagawa ng Hajj,

5- at ang pag-aayuno sa Ramadan.” –Pinagkasunduan nina Bukhari at Muslim.

At sa pag-uulat ni Muslim: “(4) ang pag-aayuno sa Ramadan, (5) at ang pagsagawa ng Hajj.”

At nagkasundo ang mga kinikilalang mga paham ng mga muslim na obligado ang pagpuása sa buwan ng Ramadan. Kung kaya, sinuman ang tumanggi sa pagkaobligado nito ay maituturing na lumabas sa relihiyong Islam at hindi na isang muslim; nararapat na ipatawag ng kinauukulan upang hingin sa kaniya na magbalik-loob sa Alláh ﷻ at kung hindi, ay papatawan ng parusang kamatayan.

Ang pagpuása sa buwan ng Ramadan ay isinabatas noong 2H. At nag-ayuno ang Propeta nang pitong beses, pitong Ramadan. Ito ay obligado sa lahat ng muslim na nasa wastong gulang at wastong pag-iisip.

Kung kaya, hindi ito maaaring iobligang sa isang hindi muslim, at hindi ito matatanggap sa kaniya hanggang sa siya ay maging ganap na muslim. At gayundin sa isang bata na wala pa sa wastong gulang. Makakamit ang wastong gulang sa edad na labinlimang taon, o sa pamamagitan ng pagkakaroon ng bulbol sa pubes², o paglabas ng semelya sa pamamagitan ng erotikong panaginip o sa ibang paraan, at karagdagan sa kababaihan, ang pagkakaroon nila ng buwanang dalaw. Kailanman maranasan ng isang menor de edad ang mga palatandaang ito ay maituturing na siyang nasa wastong gulang. Gayunpaman, uutusan ang mga bata na mag-ayuno kung kaya naman niya at ligtas sa kaniyang kalusugan; upang masanay at mapadali sa kaniya ang pagpuása.

At gayundin sa isang tao na wala sa wastong pag-iisip dulot ng pagkabaliw o pagbabago sa utak at ng katulad. Kung kaya, ang isang matanda na uliánin ay hindi na obligado sa kaniya ang pagpuása at hindi na rin siya magpapakain bilang katumbas nito.

² (pyú-bis): ibabang bahagi ng puso na natatakpan ng bulbol mula sa pagbibinata at pagdadalaga.

Pangalawa: Hinggil sa Mga Dunong at Dulot Nitong Kabutihan

Kabilang sa mga dalisay na pangalan ng Alláh ﷻ ay ang *Hakím* (حَكِيم) — ang nagtataglay ng dunong na ipinagbuti ang lahat ng bagay at pagkakalagay nito. At ang dalisay na pangalang ito ay nagsasaad na lahat ng bagay na nilikha ng Alláh ﷻ isinabatas ay nagtataglay ng sukdulang dunong, nalalaman ito ng mga maalam at lingid ito sa kaalaman ng mga walang-alam.

At sa pag-ayuno na isinabatas ng Alláh ﷻ sa kaniyang mga alipin ay may mga dakilang dunong at maraming kabutihan. Kabilang sa mga ito ang mga sumusunod:

- ❖ Ito ay isang pagsamba na maglalapit sa isang muslim sa kaniyang Panginoon. Sa pamamagitan nito, pansamantala niyang iniwan ang mga bagay na kinasanayan niya tulad ng pagkain, pag-inom at pagtatalik; upang makamit ang lugod ng Alláh ﷻ at ang tunay na tagumpay, ang Kaniyang Paraiso. Dito masusukat ang pagmamahal niya sa kagustuhan ng kaniyang Panginoon kaysa pagmamahal niya sa kagustuhan ng kaniyang sarili, at ang pagmamahal niya sa Kabilang-buhay kaysa buhay sa mundo.
- ❖ Ito ay nagsisilbing daan upang makamit ang tunay na pagkatakot sa Kaniya kung lamang ginampanan niya nang wasto ang kaniyang pag-aayuno. Sinabi ng Alláh ﷻ:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا كُتِبَ عَلَيْكُمُ الصِّيَامُ كَمَا كُتِبَ عَلَى الَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ﴾

“O kayong mga nanampalataya sa Alláh ﷻ inobliga sa inyo ang pag-ayuno (pagpuása) tulad ng pag-obliga nito sa mga nauna sa inyo (sa mga Hudyo at Kristiyano); upang kayo ay magkaroon ng takot sa Kaniya.”

- ❖ Ang isang nag-aayuno ay inuutusan na matakot sa Alláh ﷻ; ito ang pagsunod sa Kaniyang mga utos at pag-iwas sa Kaniyang ipinagbawal. Iyan ang dakilang alituntunin ng puása sa Ramadan, at hindi ang pagpapahirap sa nag-aayuno sa pag-iwan niya ng pagkain, inumin at pagtatalik. Sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang sinumang hindi umiwas sa masasamang salita at gawa, at kamangmangan; hindi kailangan³ ng Alláh ﷻ ang pag-iwan niya sa kaniyang pagkain at inumin.” – inulat ni Bukhari.

“**masasamang salita**”: lahat ng bawal na salita tulad ng pagsisinungaling, panlilibak, pagmumura at iba pang katulad na ipinagbawal.

³ Ang pagpapakahulugan sa kailangan o pangangailangan ay ang kagustuhan. Ang ibig sabihin ng Hadith; hindi hangarin ng Alláh ﷻ sa pagsasabatas ng puása ay ang pag-iwan sa pagkain, inumin at pagtatalik. Bagkus, ang maisakatuparan ang pagkatakot sa Kaniya (*Taqwa*). At kabilang sa pagkatakot sa Kaniya ang pag-iwan niya sa masasamang bagay at kamangmangan. Samakatuwid, hindi ang ganitong uri ng pag-aayuno ang tinatanggap ng Alláh ﷻ.

“masasamang gawa”: lahat ng bawal na gawa tulad ng paggawa ng gulo dulot ng pagpapabaya sa bagay na ipinagkatiwala, pandaraya, pisikal na pananakit, pagnanakaw ng kayamanan at ng mga katulad. Kabilang din sa mga ito ang pakikinig sa mga bawal tulad ng musika.

“kamangmangan”: ang pagsasalita at paggawa nang hindi pinag-iisipan nang mabuti.

Kung lamang ang mga katuruan ng *Qur-án* at *Hadith* ay tatahakin ng isang nag-aayuno, mahuhubog siya sa kaniyang pag-aayuno at maitutuwid niya ang kaniyang pag-uugali. At sa paglisan ng buwan, makikita niya ang malaking pagbabago sa kaniyang sarili at ugali.

- ❖ Malalaman ng isang mayaman ang halaga ng biyaya sa kaniya ng Alláh ﷻ; ang kayamanan na ipinagkaloob sa kaniya kung saan pinadali sa kaniya na makuha ang mga ninanais niyang makuha, tulad ng pagkain, inumin at iba pang pinahintulot ng Alláh ﷻ. Dahil dito, pasasalamatang niya ang Alláh ﷻ sa mga biyayang ito. At maaalala niya ang kapatid niyang hirap sa kaniyang pangangailangan, at aabutan niya ito ng kawanggawa (*Sadaqa*) at kabutihan.
- ❖ Ito ay isang paraan ng pagsasanay sa pagkontrol at pananaig sa sarili, hanggang sa tuluyan niya nang madala ang kaniyang sarili sa ikabubuti nito at ikasisiya nito dito sa mundo at sa Kabilang-buhay. At mailalayo niya ito sa asal-hayop na pamamaraan.
- ❖ Ito ay nagdudulot ng kabutihang pangkalusugan dulot ng pagkontrol sa pagkain at pagpapahinga sa sistemang panunaw sa loob ng isang buwan at paglilinis nito mula sa mga kemikal na nakapipinsala sa katawan.

Pangatlo: Hinggil sa Pag-aayuno ng Maysakit at Manlalakbay

Sinabi ng Alláh ﷻ:

﴿وَمَنْ كَانَ مَرِيضًا أَوْ عَلَى سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِنْ أَيَّامٍ أُخَرَ يُرِيدُ اللَّهُ بِكُمُ الْيُسْرَ وَلَا يُرِيدُ بِكُمُ الْعُسْرَ﴾

“At sinuman ang may-sakit o nasa paglalakbay; maaari niya itong ipagpaliban sa ibang mga araw ayon sa bilang ng araw ng kaniyang pagpaliban. Hinahangad ng Alláh ﷻ na maging madali para sa inyo ang pag-aayuno at hindi Niya hangad na pahirapan kayo sa pagsabatas ng puása.”

Ang maysakit ay may dalawang uri:

1. Ang maysakit na may malubhang karamdaman at wala nang pag-asang gumaling, tulad ng kanser; hindi niya na kailangan pang mag-aayuno dahil wala nang opsyon na makakayanan pa niyang magpuása. Sa halip, magpapakain na lamang siya ng isang mahirap bawat araw kapalit ng kaniyang pag-aayuno. Maaari niyang ipunin ang tatlumpu o dalawampu't siyam na mahihirap sa isang araw at pakakainin sila ng hapunan ó pananghalian, tulad ng gawain ni Anas Bin Málik رضي الله عنه sa kaniyang pagtanda. At maaari niya ring paghiwalayin ang pagpapakain sa mga mahihirap. Sa bawat mahihirap ay isang kapat ($\frac{1}{4}$) ng isang salop⁴ na tumutumbas sa kalahating kilo at sampung gramo ng bigas (510g). At mas mainam kung sasamahan niya na rin ng maiuulam na karne o taba (mantikilya) nito. At gayundin ang sitwasyon ng isang matanda na labis ang katandaan. Ang pagpapakain sa isang mahirap ay katumbas ng isang araw na pag-aayuno.
2. Ang maysakit na may panandaliang karamdaman at maaari pang gumaling tulad ng lagnat ó ng mga katulad; siya ay may tatlong opsyon:
 - A) Kung kaya niyang magpuása at hindi ito makapipinsala sa kaniya; obligado siyang magpuása dahil wala siyang sapat na dahilan.
 - B) Kung mahihirapan siyang magpuása at hindi naman ito makapipinsala sa kaniya; *Makrúh* para sa kaniya ang magpuása dahil hindi niya ginawa ang pinahintulot sa kaniya na hindi pagpuása at mas lalo niyang pinahihirapan ang kaniyang sarili.
 - C) Kung makapipinsala sa kaniya ang pagpuása; *Harám* sa kaniya ang magpuása dahil sa pinapahamak niya ang kaniyang sarili. Samantala, sinabi ng Alláh

ﷻ:

﴿وَلَا تَقْتُلُوا أَنْفُسَكُمْ إِنَّ اللَّهَ كَانَ بِكُمْ رَحِيمًا﴾

⁴ Batay sa pinairal na *Fatwa* ng isang salop = 3 kilo; ang isang kapat ng isang salop ay 750 gramo.

“Huwag ninyong patayin ang inyong mga sarili; sapagkat ang Alláh سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى ay lubos na maawain sa inyo; Siya si Rahím (رَحِيمٌ).”

At sinabi Niya rin:

﴿وَلَا تُلْقُوا بِأَيْدِيكُمْ إِلَى التَّهْلُكَةِ﴾

“At huwag ninyong itulak ang inyong mga sarili sa kapahamakan.”

At sa Hadíth, sinabi ng Propeta صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: “Walang pinsala at walang pamiminsala.” – inulat nina Ibn Májah at Hákim. At sinabi ni Nawawi sa Hadith na ito: “Mayroon pang maraming pag-uulat na maaaring magtutulungan sa bawat isa upang maabot ang antas ng awtentikong Hadith.”

Mapag-aalaman ang pinsala ng pagpuása sa isang maysakit sa pamamagitan ng isang mapagkakatiwalaang doktor o sa sariling karanasan ng maysakit.

At kapag pinagpaliban niya ang pagpuása, papalitan niya ito sa ibang buwan kapag siya ay gumaling na. At kapag siya ay namatay bago pa siya gumaling, hindi na ito kailangang palitan; dahil hindi niya na naabutan ang mga araw na ipinahintulot sa kaniya upang palitan ang kaniyang pagkakautang.

Ang manlalakbay ay may dalawang uri:

1. Ang isang muslim na maglalakbay upang takasan ang obligasyong magpuása; hindi niya maaaring ipagpaliban ang pagpuása; dahil ang pangungutak sa mga obligasyon ay hindi dahilan upang pahintulutan siyang magpaliban.
2. Ang isang tunay na manlalakbay; siya ay may tatlong opsyon:
 - A) Kung labis na mahihirapan siya sa pagpuása; ito ay *Harám* para sa kaniya. Sapagkat, sa paglalakbay ni Propeta Muhammad صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ upang sakupin ang Makkah, siya ay puása; nang makarating sa kaniya na nahihirapan ang mga Sahaba رَضِيَ اللهُ عَنْهُمْ na mag-ayuno at tinutularan lamang siya sa kaniyang ginagawa. Kaya't humingi siya ng tubig sa baso pagkátapos sumapit ang Salat ul Asr at uminom habang sila ay nakatingin. At nang may nakapagsabi na mayroon pa ring iilan na nag-aayuno, sinabi niya: “Sila ay mga pasaway. Sila ay mga pasaway.” – inulat ni Muslim.
 - B) Kung hindi naman masyadong mahirap sa kaniya ang pagpuása; *Makrúh* para sa kaniya ang magpuása dahil hindi niya kihuha ang pinahintulot sa kaniya na hindi pagpuása at mas lalo niyang pinahihirapan ang kaniyang sarili.

- C) At kapag hindi siya nahihirapan sa pagpuása; maaaring niyang gawin ang alinman sa dalawa na mas madali para sa kaniya – kung magpuása siya o hindi. Sapagkat sinabi ng Alláh ﷻ:

﴿يُرِيدُ اللَّهُ بِكُمُ الْيُسْرَ وَلَا يُرِيدُ بِكُمُ الْعُسْرَ﴾

“Hinahangad ng Alláh ﷻ na maging madali para sa inyo ang pag-ayuno at hindi Niya hangad na pahirapan kayo sa pagsabatas ng puása.”

Ang hangarin sa wikang Arabe ay may kalakip na pagmamahal; at kapag pareho lamang sa kaniya ang pagpuása at di-pagpuása, mas mainam ang pagpuása, dahil ito ang gawain ng Propeta ﷺ.

Katulad ng naiulat sa *Sahihu Muslim* ni Abu Dardá' رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ: “Naglakbay kami kasama ang Propeta ﷺ sa buwan ng Ramadan at napakainit ng panahon, hanggang sa inilagay ng iba sa amin ang kaniyang kamay sa kaniyang ulo sa tindi ng init ng araw. Hindi kami puása maliban kina Propeta Muhammad ﷺ at Abdullah Bin Rawáha.”

Maituturing na manlalakbay ang isang manlalakbay sa simula ng kaniyang paglabas sa kaniyang lugar hanggang sa kaniyang pagbalik; kahit pa sa maikling sandali na pamamalagi sa lugar na kaniyang pupuntahan. Ang mahalaga ay hindi siya mamalagi nang sobra sa kaniyang pangangailangan. Kung gayon, maaari niyang kunin ang pinahintulot ng Alláh ﷻ sa isang manlalakbay. At gayundin, kahit pa gaano katagal ang kaniyang pamamalagi dahil sa kinakailangan niyang mamalagi nang matagal. Sapagkat walang tukoy na bilang ng araw sa paglalakbay na naiulat sa tagal ng paglalakbay ng Propeta ﷺ.

Walang pinagkaiba ang panandaliang paglalakbay (tulad ng Hajj, Umrah, pagbisita sa mga kapamilya, paglakbay sa pangangalakal at ng mga katulad) sa palagiang paglalakbay (tulad ng trabaho ng mga tsuper at driver ng taxi, truck o ng mga katulad). Ang mga tsuper, marino at piloto ay maituturing na manlalakbay sa tuwing sila ay lumalabas sa kanilang mga lugar. Kaya't maaari silang kumuha ng pahintulot ng manlalakbay. Maaari nilang ipagpaliban ang puása sa Ramadan, pagpapaikli ng mga tig-aapat na *Saláh* at gawing tigelawa, pag-ipon ng dalawang *Saláh* sa iisang oras nito⁵. At ang pagpapaliban nito ay mas mainam para sa kanila kaysa mag-ayuno kung ito ang mas madali para sa kanila. At saka nila papalitan sa panahon ng taglamig dahil ang mga taong nabanggit ay may kani-kanilang mga lugar. Kailanman sila makauwi sa kanilang lugar, hindi na sila maituturing na manlalakbay.

⁵ Maaaring pagsamahin ang *Dhuhur* at *Asr* sa oras ng *Dhuhur* o pagsamahin ito sa oras ng *Asr* at maaaring pagsamahin ang *Maghrib* at *Isha* sa alinmang oras ng dalawa.

Pang-apat: Hinggil sa Mga Nakasisira sa Pag-ayuno

Ang mga bagay na nakasisira sa pagpuása ay pito:

I. Pagtatalik

Ito ay ang ganap na ugnayang sekswal ng mag-asawang lalake at babae. Kailanaman mangyari ito sa isang nag-aayuno ay masisira ang kaniyang puása. At kapag nangyari ito sa araw ng Ramadan at obligado sa kaniya ang pagpuása; kinakailangan niya magsagawa ng mabigat na *Kaffára*⁶. At ito ang pagpapalaya ng isang alipin ng digmaan (*Jihad*). At kung walang makitang alipin, mag-ayuno ng dalawang buwan nang magkakasunod at walang mintis. At kung hindi niya kakayanin, magpakain ng animnapung kataong mahihirap.

Kung hindi naman obligado sa kaniya ang pagpuása, tulad ng isang manlalakbay na nakipagtalik sa kaniyang asawa habang siya ay nag-aayuno, babayaran niya lamang ang araw ng pagkasira ng kaniyang puása nang walang *Kaffára*.

II. Pagpalabas ng semelya sa pamamagitan ng paghaplos, paghalik, pagyakap at ng katulad. Kapag siya ay humalik at walang lumabas; hindi masisira ang kaniyang puása.

III. Pagkain at Pag-inom

Ito ay pagdaan ng pagkain o tubig sa lalamunan, maging ito man ay sa pamamagitan ng bibig o ilong, maging anuman ang uri ng pagkain at inumin. Kaya't hindi maaari sa isang puása na lumanghap ng usok ng *Bakhur*⁷ hanggang sa umabot ito sa kaniyang lalamunan; dahil ang usok ay nagtataglay ng partikula⁸. Ngunit ang paglanghap ng mga pabango ay hindi makasisira ng puása.

IV. Anumang alternatibo ng pagkain at inumin katulad ng dextrose⁹ na isang alternatibo ng pagkain at inumin. Ngunit ang ineksiyon¹⁰ o turok na hindi nagbibigay ng karagdagang lakas at enerhiya na tulad ng taglay ng dextrose ay hindi makasisira ng puása.

⁶ Ang tawag sa kabayaran ng isang malaking pagkakasala.

⁷ Ang tawag ng mga Arab sa insenso na karaniwan ay parang maliliit na piraso ng balat ng kahoy o parang maliliit na hibla ng halaman. Ito ay nagdudulot ng usok na humahalimuyak kapag inilalagay sa mainit na bága.

⁸ Sa Ingles: *particle*; maliliit na bahagi na nagtataglay ng masa o bolyum na katatagpuan sa lahat ng bagay.

⁹ Kimika ng glocuse na nakukuha sa starch sa pamamagitan ng *acid hydrolysis*.

¹⁰ Pagpapasok ng likido o solusyon sa pamamagitan ng heringgilya. Sa Ingles: *injection*.

- V. **Pagpalabas ng dugo sa pamamagitan ng *Hijáma***¹¹ at kabilang rin ang *phlebotomy*¹² at ng katulad, na magsasanhi ng panghihina na tulad ng sanhi ng tandok. Ngunit ang pagkuha ng dugo upang suriin ng mga doktor ay hindi makasisira ng puása; dahil hindi ito nagpapahina ng katawan.
- VI. **Pagsusuka nang sinasadya**
Ito ang paglabas ng pagkain o inumin mula sa sikmura nang sinasadya.
- VII. **Paglabas ng dugo** sa kababaihan dulot ng kabuwanang dalaw o panganganak.

Ang lahat ng mga nabanggit ay makasisira lamang ng puása sa tatlong kondisyon:

1. Alam niya ang batas ng mga ito at alam niya ang oras ng simula ng pagpuása o oras ng pagtatapos nito (*iftár*).
2. Naalala niya ang mga bagay na ito pagkatapos niyang makalimot.
3. Pinili niya mismo na gawin ang isa sa mga ito nang walang nagpilit sa kaniya.

Kung sakali na nagpa-*Hijáma* ang isang puása dahil hindi niya alam na ito ay nakasisira ng puása; ang kaniyang puása ay wasto at tama dahil hindi niya alam ang batas nito. Sinabi ng Alláh ﷻ:

﴿وَلَيْسَ عَلَيْكُمْ جُنَاحٌ فِيمَا أَخْطَأْتُمْ بِهِ، وَلَكِنْ مَا تَعَمَّدَتْ قُلُوبُكُمْ﴾

“At hindi kayo magkakasala sa mga bagay na nagkamali lamang kayo; ngunit magkakasala kayo sa kasalanan na sinasadya ninyo.”

At sinabi Niya rin:

﴿رَبَّنَا لَا تُؤَاخِذْنَا إِنْ نَسِينَا أَوْ أَخْطَأْنَا﴾

“Ya Rabb, O aming Panginoon; huwag po sana kaming parusahan kapag kami ay nakalimot o nagkamali.”; at tumugon ang Alláh ﷻ: “Tinanggap ko na ang inyong hiling.”

At sa *Sahih* nina Bukhari at Muslim, ang ulat ni ‘Adiyy Bin Hátim رضي الله عنه na kumuha siya ng dalawang tali; puti at itim, at inilagay sa ilalim ng kaniyang unan. Nagsimulang kumain at inaabangan ang paglabas ng mga ito. At nang lumabas ang isa

¹¹ Isang alternatibong paraan ng panggagamot. Ito ay ang paghakab sa balat ng isang taong may karamdaman sa pamamagitan ng kristal na kawangis ng baso. Mas kilala sa tawag na *tandok* o *bákam*.

¹² Pagtistis o pagtusok sa ugat upang palabasin ang dugo bilang medikal na panggagamot.

sa mga ito, tumigil siya sa pagkain sa pag-aakala niyang iyon ang tinutukoy ng talata na:

﴿وَكُلُوا وَاشْرَبُوا حَتَّى يَتَبَيَّنَ لَكُمُ الْخَيْطُ الْأَبْيَضُ مِنَ الْخَيْطِ الْأَسْوَدِ﴾

“At kumain kayo hanggang sa makita ninyo ang puting sinulid mula sa itim na sinulid...”

At saka siya pinaliwanagan ng Propeta ﷺ: “Iyon ang puti ng araw at itim ng gabi.”
At hindi niya ito inutusang palitan ang kaniyang puása.

Kung sakali na kumakain pa rin siya sa pag-aakalang hindi pa sumasapit ang *Fajr* o kumain na sa pag-aakalang lumubog na ang araw, at saka niya napagtanto na sumapit na ang *Fajr* o hindi pa lumulubog ang araw; tama at wasto ang kaniyang puása dahil hindi niya alam ang tamang oras. Sa *Sahíh* ni Bukhari, ang inulat ni Asmá’ Bint Abu Bakr رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا: “Nag-iftár kami minsan noong maulap ang kalangitan sa panahon ng Propeta ﷺ, at saka lumabas ang araw (at hindi pa lumulubog).” Kung kinakailangan man nilang palitan ang pag-ayuno nila sa araw na ito, inutusan na sana sila ng Propeta ﷺ dahil sa kaniya kinumpleto ng Alláh ﷻ ang relihiyon. At kung inutusan man sila ng Propeta ﷺ, nakarating sana sa atin ang pag-uulat ng mga Sahaba hinggil dito; dahil sa pamamagitan nila pinangalagaan ng Alláh ﷻ ang Kaniyang relihiyon. At kapag walang naiulat na inutusan sila ng Propeta ﷺ, malalaman natin na hindi na nila kailangang palitan ang naturang pag-ayuno. Sapagkat, kabilang ito sa mga bagay na dapat iparating sa atin at hindi maaaring isawalang-bahala.

Kung sakaling nakalimutan niya na siya ay puása at kumain o uminom; hindi masisira ang kaniyang puása. Sapagkat sinabi ng Propeta ﷺ: “Sinuman ang nakalimot habang siya ay puása, at kumain o uminom; magpatuloy sa kaniyang pagpuása at kumpletuhin, dahil pinakain siya ng Alláh ﷻ o pinainom.” — napagkasunduan nina Bukhari at Muslim.

At kung sakali mang pinilit siyang kumain, o nagmumog ng tubig at biglang nakalunok at umabot na sa kaniyang sikmura, o gumamit ng pamatak sa kaniyang mata at dumeretso sa kaniyang lalamunan, o nanaginip ng erotikong panaginip (*wet dream*); hindi masisira ang kaniyang puása dahil hindi niya ito ginustong mangyari.

Hindi rin makasisira ng puása ang paggamit ng *Siwak*¹³, bagkus ito ay *Sunnah* sa lahat ng oras, sa unang araw hanggang sa huli nito. At maaari sa isang puása ang paggamit o paggawa ng mga bagay upang maibsan ang sobrang init o uhaw na

¹³ Isang maliit na sanga mula sa kilalang halaman ng mga Arab sa tawag na *Arák* (sa Ingles: *Salvadora persica*). Ginagamit itong alternatibong panlinis ng ngipin at kabilang sa itinuturing na *Sunnah* ng Propeta ﷺ.

nararamdaman. Sapagkat naiulat na binubuhusan ng Propeta ﷺ ang kaniyang ulo kapag siya ay puása dulot ng matinding uhaw.¹⁴ At gayundin, si Ibn Umar رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ ay nagbabasa ng tela at ipinampupunas niya sa kaniyang sarili habang siya ay puása. Ito ay isang pagpapagaan sa atin ng batas na siyang ninais para sa atin ng Alláh سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى.

¹⁴ Inulat ni Abu Dáwud at ng iba. At ito ay maling pag-uulat, bagkus sinabi ni Nasá-i sa hadith na ito: “Ito ay malaking pagsasalungat ng isang mahinang mag-uulat sa mga batikang mag-uulat sa larangan ng Hadith.”

Panglima: Hinggil sa *Salátu At-Taráwih*

Ang *Salátu At-Taráwih* ay isang uri ng pagdarasal na isinasagawa sa gabi nang maramihan (*Jamá-a*) sa buwan ng Ramadan, nagsisimula pagkatapos ng *Ishá'* hanggang sa pagsapit ng *Fajr*. Tunay na naghimok ang Propeta sa pagtayo ng pagdarasal na ito sa buwan ng Ramadan sa kaniyang sinabi: “Ang sinumang nagtayo ng *Salátu At-Taráwih* sa buwan ng Ramadan nang may tunay na paniniwala at paghahangad sa gantimpala nito; patatawarin sa kaniya ang lahat ng kaniyang mga kasalanan.” At sa *Sahih* ni Bukhari, ang Hadith ni A-isha رضي الله عنها: “Minsan nang isinagawa ito ng Propeta صلى الله عليه وسلم sa kaniyang masjid, marami sa mga Sahaba ang sumunod sa kaniya at nagdasal din sa kaniyang likuran. Kinabukasan ay muli niya itong isinagawa, at mas marami ang dumalo. Sa ikatlo o ikaapat na gabi, nagsitipon sila sa masjid at inabangan ang Propeta صلى الله عليه وسلم, ngunit hindi na siya lumabas. Kinaumagahan, sinabi sa kanila ng Propeta صلى الله عليه وسلم: “*Nakita ko ang ginawa ninyong paghihintay kagabi. Hindi ako lumabas dahil pinangambahan ko na baka ioblig sa inyo ang *Saláh* na ito.*” At ito ay nangyari sa buwan ng Ramadan.

Ang *Sunnah* sa *Taráwih* ay ang pagtayo ng labing-isang *Raka'at*¹⁵; magsa-*Salám* sa bawat dalawang *Raka'at*. Sapagkat tinanong si A-isha رضي الله عنها kung paano ang *Saláh* ng Propeta صلى الله عليه وسلم sa Ramadan at ang sagot niya: “Hindi siya lumalampas sa labing-isang *Raka'at* sa buwan ng Ramadan at sa ibang buwan.” – pinagkasunduan nina Bukhari at Muslim. At sa *Muwatta'* ni Imam Málík, ang Hadith ni Sá-ib Bin Yazíd رضي الله عنه na ipinag-utos ni Umar Bin Khattáb رضي الله عنه kay Ubayy Bin Ka'ab at Tamím Addáriy رضي الله عنهما na mag-*Imám* sa mga tao sa labing-isang *Raka'at*.

Kung sakaling sumobra sa labing-isang *Raka'at*; ay walang problema, dahil nang tinanong ang Propeta صلى الله عليه وسلم tungkol sa *Qiyámul Layl*¹⁶, tumugon ang Propeta صلى الله عليه وسلم: “Ito ay tigdadalawang *Raka'at*, kapag pinangangambahan ninyo na maabutan ng *Fajr*; magtayo ng isang *Raka'at* bilang *Witr* sa kaniyang isinagawang *Saláh*.”

Ngunit ang pananatili sa labing-isang *Raka'at* na gawain ng Propeta صلى الله عليه وسلم nang walang pag-aapura at may katamtamang pagpahaba ay higit na mas mainam. Hindi tulad ng ginagawa ng iba na nag-aapurang tapusin at mabilis na pagsasagawa; ito ay taliwas sa isinabatas na pag-*Saláh*. At kung sakaling nagdulot ang pagmamadali ng pagkukulang sa mga *Wajib* at *Rukun* ng *Saláh*; magiging hindi katanggap-tanggap ang *Saláh*.

At marami sa mga *Imam* ng *Saláh* ang hindi nagsasagawa ng *Taráwih* nang mataimtim. Ito ay mali; dahil ang isang *Imam* ay hindi lamang nagsasagawa para sa kaniyang sarili, bagkus para sa kaniya at para sa iba na nasa kaniyang likuran. Binanggit ng mga *Ulama'*

¹⁵ Ang isang tayo sa *Saláh* kasama na ang pagyuko (*Rukú'*) at pagpatirapa (*Sujúd*).

¹⁶ Ang tawag sa lahat ng pagdarasal na *Sunnah* sa gabi pagkatapos ng *Isha'*.

na ang pagmamadali ng isang *Imam* sa *Saláh* ay *Makrúh* lalo pa't kung magiging dahilan ito ng pagkukulang ng mga nasa likuran sa paggawa ng mga *Wajib* at *Rukun* ng *Saláh*.

Nararapat sa mga muslim na pagsikapan ang pagtayo ng *Taráwih*, at huwag nilang sayangin ang mga oras sa paglipat-lipat nila sa mga masjid. Dahil ang sinumang nagsagawa nito sa likuran ng kaniyang *Imam* hanggang sa kaniyang pag-*Salám* ay katumbas ng nagtayo ng *Qiyámul Layl* nang buong magdamag, kahit pa siya ay natulog pagkatapos ng *Taráwih*.

At maaaring dumalo sa *Taráwih* ang mga kababaihan kapag ligtas sa anumang kapahamakan at tukso at sa kondisyon na nakatabon sila at walang pagpapaganda gamit ang mga kolorete at pabango.

Pang-anim: Hinggil sa Zakát at Dulot Nitong Kabutihan

Ang *Zakát* ay isang obligasyon na inobliga ng Islam. Ito ay isa sa mga haligi nito at isa sa pinakamahalaga pagkatapos ng *Shahadatán*¹⁷ at *Saláh*. Ito ay pinatutunayan ng *Qur-án*, *Sunnah* ng Propeta ﷺ at *Ijmá'*. Ang sinumang pasinungalingan at tumanggi sa pagkaobligado nito ay maituturing na lumabas sa relihiyong Islam at hindi na isang muslim; nararapat na ipatawag ng kinauukulan upang hingin sa kaniya na magbalik-loob sa Alláh ﷻ at kung hindi, ay papatawan ng parusang kamatayan. At sinuman ang magdamot o hindi magbigay nang tama ay isang makasalanan na nararapat na parusahan ng Alláh ﷻ. Sinabi ng Alláh ﷻ:

﴿وَلَا يَحْسَبَنَّ الَّذِينَ يَبْخُلُونَ بِمَاءِ أَنفُسِهِمْ أَنَّهُمْ مِنْ فَضْلِهِ ۗ هُوَ خَيْرٌ لَّهُمْ بَلْ هُوَ شَرٌّ لَّهُمْ سَيُطَوَّقُونَ مَا بَخُلُوا بِهِ ۗ يَوْمَ الثَّيَمَةِ ۗ وَاللَّهُ مِيرَاثُ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ ۗ وَاللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرٌ ﴿١٨٠﴾﴾

“At huwag akalain ng mga nagdadamot sa mga ipinagkaloob ng Alláh ﷻ na biyaya sa kanila, na ito ay makabubuti sa kanila, bagkus ito ay ikasasama nila; sa Araw ng Paghuhukom, igagapos sa kanilang leeg ang mga kayamanan na ipinagdamot nila. Ang lahat ng kayamanan na kanilang naiwan, maging sa kalangitan man o kalupaan ay pagmamay-ari ng Alláh ﷻ. At ang Alláh ﷻ ang higit na nakakaalam sa lahat ng inyong mga ginagawa at ipaaalam ito sa inyo sa Araw ng Paghuhukom; dahil Siya si *Khabír* (خَبِيرٌ).”

At sa *Sahih* ni Bukhari, ang Hadith ni Abu Hurayra رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ na sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang sinumang pinagkalooban ng Alláh ﷻ ng kayamanan at hindi niya ibinigay ang *Zakát* nito; sa Araw ng Paghuhukom, ang kayamanan na ipinagdamot niya ay gagawing isang mabangis na ahas na kalbo at may dalawang itim na tuldok sa kaniyang noo. Igagapos ito sa kaniyang leeg at saka tutuklawin sa magkabilaan niyang pisngi at sasabihin sa kaniya: “Ako ang ipinagdamot mong kayamanan. Ako ang inimbak mong kayamanan.””

Ang “*mabangis*”: lalaking ahas at ang “*kalbo*”: hindi na tinutubuan ng buhok dulot ng labis-labis na lason na taglay nito.

¹⁷ Ang pagsaksi at pananampalataya na walang ibang diyos na marapat sambahin maliban sa Alláh ﷻ at ang pagsaksi at pananampalataya na si Muhammad ay sugo at propeta ng Alláh ﷻ.

At sinabi rin ng Alláh ﷻ:

﴿وَالَّذِينَ يَكْنِزُونَ الذَّهَبَ وَالْفِضَّةَ وَلَا يَنْفِقُونَهَا فِي سَبِيلِ اللَّهِ فَبَشِّرْهُمْ بِعَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿٣٤﴾﴾

يَوْمَ يُحْمَى عَلَيْهَا فِي نَارِ جَهَنَّمَ فَتُكْوَى بِهَا جِبَاهُهُمْ وَجُنُوبُهُمْ وظُهُورُهُمْ هَذَا مَا كَنْزْتُمْ لِأَنْفُسِكُمْ فَذُوقُوا مَا كُنْتُمْ تَكْنِزُونَ ﴿٣٥﴾﴾

“At silang mga nag-iipon ng mga ginto at pilak at hindi nila ibinibigay ang Zakát nito; ipamalita mo sa kanila ang napakasakit na parusang inihanda para sa kanila,

35. Sa araw na paiinitan ang mga kayamanang ito sa apoy ng Impiyerno at itatatak sa kanilang mga noo, tagiliran at likuran. “Ito ang mga kayamanan na inimbak ninyo para sa inyong mga sarili! Kaya’t lasapin ninyo ang parusa ng nilikom ninyong kayamanan.””

At sa Sahih ni Muslim, ang Hadith ni Abu Hurayra رضي الله عنه na sinabi ng Propeta صلى الله عليه وسلم: “Ang lahat ng nagmamay-ari ng ginto at pilak na hindi ibinibigay ang Zakát nito; sa Araw ng Paghuhukom, kukunan siya ng maninipis na metal na yari sa apoy at paiinitan sa apoy ng Impiyerno. At saka ipapasò sa kaniyang tagiliran, noo, at likuran. Sa tuwing ito ay lumalamig, ito ay muling paiinitan, at uulitin sa loob ng isang araw na tumutumbas sa limampung libong taon, hanggang sa matapos ang paghuhukom sa lahat ng nilalang.”

Ang ilan sa mga kabutihang dulot ng pamimigay ng Zakát sa pananampalataya ng muslim ay ang mga sumusunod:

- ❖ Ito ay pagsasakatuparan sa isa sa mga haligi ng Islam na kung saan dito umiikot ang kasiyahan ng isang muslim, dito sa mundo at sa Kabilang-buhay.
- ❖ Ito ang maglalapit sa isang muslim sa kaniyang Panginoon, at magdudulot ng karagdagan sa kaniyang pananampalataya. At gayundin ang kabutihang naidudulot ng mga natitirang pagsamba.
- ❖ Ang kalakip ng pagbigay ng Zakát na dakilang gantimpala. Sinabi ng Alláh ﷻ:

﴿يَمَحَقُ اللَّهُ الرِّبَا وَيُرِي الصَّدَقَاتِ﴾

“Aalisin ng Alláh ﷻ ang biyaya sa Ribá at pagpapalain Niya ang mga Sadaqa (kawanggawa).”

At sinabi Niya rin:

﴿وَمَا آتَيْتُم مِّن رَّبٍّ لَّيْرٍ يُّؤُوفٍ فِي أَمْوَالِ النَّاسِ فَلَا يَرُبُّوا عِنْدَ اللَّهِ وَمَاءٌ آتَيْتُم مِّن زَكَاةٍ تُرِيدُونَ وَجْهَ اللَّهِ فَأُولَٰئِكَ هُمُ

الْمُضْعِفُونَ ﴿٣٩﴾

“Anuman ang inyong pinutang upang tubuan ang kayaman ng mga tao; hindi ito pagpapalain ng Alláh ﷻ. At anuman ang ibinigay ninyong Zakát sa hangarin na makamit ang lugod ng Alláh ﷻ; sila yaong pagpapalain sa kanilang ibinigay.”

At sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang sinumang magbigay ng kawanggawa na sinlaki o simbigat ng isang piraso ng datilero¹⁸ na mula sa marangal na trabaho — at ang tanging tinatanggap ng Alláh ﷻ ay ang mabubuti at mararangal —; tatanggapin ito ng Alláh ﷻ ng Kaniyang kanang kamay, at palalaguin Niya ito para sa kaniya – tulad ng pag-aalaga ninyo sa inyong alagang hayop¹⁹–, hanggang sa maging sinlaki ito ng bundok.” – inulat nina Bukhari at Muslim.

- ❖ Binubura ng Alláh ﷻ ang mga kasalanan sa pamamagitan nito. Sinabi ng Propeta ﷺ: “At ang kawanggawa (Sadaqa) ay bumubura ng mga sála na tulad ng tubig na pumapatay ng bága.” At ang tinutukoy ng Sadaqa ay ang Zakát at lahat ng uri ng kawanggawa.

At ang ilan sa mga kabutihang dulot ng pamimigay ng Zakát sa pag-uugali ng muslim ay ang mga sumusunod:

- ❖ Mapapabilang ang isang muslim sa mga mababait at mapagbigay.
- ❖ Magdudulot sa kaniya na maging maawain sa kaniyang mga kapatid na muslim na nangangailangan. At ang mga maaawain ay kinaawaan ng Alláh ﷻ.
- ❖ Ang pagtulong sa kapwa sa pamamagitan ng materyal o pisikal na tulong ay nagdudulot ng emosyonal na epekto at gaan sa pakiramdam. At mas mamahalin siya ng mga taong binigyan niya ng tulong.
- ❖ Sa pamamagitan ng pamimigay ng Zakát, malilinis ang mga negatibong pag-uugali niya tulad ng pagkamadamot at pagkamakasariili. Gaya ng sinabi ng Alláh ﷻ:

¹⁸ Sa Ingles: *date palm*; o palmerang datilero: isang uri ng prutas ng puno na kabilang sa *palmaeae* o palma *family* at kilalang prutas sa tag-init na talamak sa mga lugar ng mga Arab (*Arab World*). Ito ang naging pangunahing pagkain nila noon.

¹⁹ Ang salitang Arabe na “*Faluww*” ay tumutukoy sa unang anak ng kabayo, asno at ng katulad. At kabilang sa kaugalian ng mga sinaunang Arab; ang matinding pag-aalaga nila sa mga ito, bagkus hindi nila pinaubaya sa iba ang pangangalaga sa mga ito.

﴿حُذِّمْنَ أَمْوَالَهُمْ صَدَقَةً تُطَهِّرُهُمْ وَتُزَكِّيهِمْ بِهَا﴾

“Kunin mo mula sa kanilang kayamanan ang itinakdang kawanggawa (*Zakát*) na maglilinis sa kanila at maghuhubog sa kanilang mga sarili.”

At ang ilan sa mga kabutihang dulot ng pamimigay ng *Zakát* sa pamayanang muslim ay ang mga sumusunod:

- ❖ Ito ay magsisilbing malaking tulong upang mapunan ang pangangailangan ng mga mahihirap na mas marami ang bilang kaysa mayayaman saanmang lugar.
- ❖ Ito ay magsisilbing malakas na ugnayan sa pagitan ng mga muslim at magtataas sa kanilang katayuan; kaya naman, isa sa mga patutunguhan ng *Zakát* ay ang Jihad tulad ng ating babanggitin, *إِنْ شَاءَ اللَّهُ*.
- ❖ Ito ay magsisilbing solusyon sa inggit at galit na nararamdaman ng mga mahihirap. Sapagkat sa tuwing nakikita nila ang mga mayayaman na nagsasaya at nag-aaksaya, maaaring makararamdam sila ng inggit at galit; dahil hindi man lamang sila naisip na naghihirap at hindi man lamang nila magawang tumulong sa kanila. Ngunit kapag nagbibigay ang mayayaman ng *Zakát* sa bawat taon, mabibigyan ng solusyon ang ganitong problema. Bagkus, magkakaroon ng pagmamahalan at pagkakaisa sa bawat muslim.
- ❖ Ito ay magsisilbing dahilan ng paglago ng kanilang mga kayamanan at pagpapala sa mga ito. Tulad ng naiulat na Hadith ni Propeta Muhammad *صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ*: “Hindi binabawasan ng anumang *Sadaqa* ang kayamanan.”; kahit na kung titingnan natin ay nababawasan ang kayamanan ng *Sadaqa*, ngunit hindi niya ito binabawasan ng pagpapala, bagkus mas lalo pa itong nadadagdagan. At palalaguin ito ng Alláh *سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى* para sa kaniya.
- ❖ Ito ay magsisilbing dahilan upang lumaganap ang pakinabang ng kayamanan at hindi lamang umiikot sa mga mayayaman.

Ang mga kabutihang nabanggit ay nagpapatunay lamang na ang *Zakát* ay dapat na maisakatuparan para sa kabutihan ng lahat at bawat isa. Luwalhati sa Alláh *سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى*, Siya si ‘*Alím* (عَلِيمٌ) – ang may tigib na kaalaman, at Siya si *Hakím* (حَكِيمٌ) – ang may taglay ng sukdulang dunong at ganap na batas.

Ang *Zakát* ay obligado sa mga piling kayamanan.

Kabilang sa mga ito ang mga sumusunod:

1) **Ginto (Gold) at Pilak (Silver)**

Kapag umabot sa takdang bigat nito. At ang takdang bigat ng ginto ay 85 gramo, at 595 gramo naman sa pilak. Ang obligadong ilalabas mula rito ay 2.5% o $\frac{1}{40}$ nito.

Walang pinagkaiba kahit pa nagbago ang mga ito ng anyo, ito man ay pera, puro o alahas. Kaya, *Wajib* din ang paglabas ng *Zakát* mula sa mga alahas ng babae – ginto man ito o pilak – kapag umabot ito sa takdang bigat. At kahit pa ito ay sinusuot niya o ipinahiram niya sa iba, dahil sa mga katibayan bilang kabuuan na nagsasaad na obligado ang *Zakát* mula sa mga ginto at pilak. At dahil sa mga naiulat na mga hadith na nagsasaad na obligado ang *Zakát* mula sa mga alahas na ginto at pilak, ito man ay isinusuot, tulad ng hadith ni Abdullah Bin Amr رضي الله عنه na may babaeng pumunta kay Propeta Muhammad صلى الله عليه وسلم kasama ang kaniyang anak na suot-suot sa kaniyang kamay ang dalawang galang na yari sa ginto. Tinanong siya ng Propeta صلى الله عليه وسلم: “Magbibigay ka ba ng *Zakát* mula sa mga alahas na iyan?” “Hindi.” ang kaniyang tugon. “*Ikatutuwa mo bang ipasusuot sa’yo ng Alláh سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى nang dahil diyan ang dalawang galang na yari sa apoy?*” ang sabi sa kaniya ng Propeta صلى الله عليه وسلم. Kaya, bigla niyang tinapon ang mga ito at nagwika: “Ang mga ito ay para sa Alláh سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى at sa Kaniyang propeta. – sinabi ni Ibn Hajar sa *Bulughul Marám*: “Inulat ng Tatlo (*Abu Dawud, Nasa-i at Tirmidhi*) at ito ay matibay na pag-uulat.” At dahil sa ito ang mas mainam at mas ligtas.²⁰

2) **Paninda**

Ito ang mga kalakal na ipinagbibili tulad ng píngkas²¹, sasakyan, hayop, tela at iba pang katulad na kayamanan. Ang obligadong ilalabas mula rito ay 2.5% o $\frac{1}{40}$ nito. At kapag umabot na ito ng isang taon, maglalabas mula sa kasalukuyang presyo nito ng 2.5%, kahit pa mas mura ang presyo nito sa kasalukuyan kaysa presyo nito noong ito ay binili, o mas mahal ito sa unang presyo nito, o pareho lang ang presyo nito sa una.

²⁰ Sinabi ni Sheikh Salih Bin Abdullah Al-Usaymi وفقه الله: “Ang tama; walang *Zakát* ang mga alahas na sinusuot ng babae o ipinahiram. Sapagkat ang mga hadith na nagsasaad sa *Zakát* ng mga sinusuot na alahas ay mahihinang pag-uulat. At kung titingnan ang mga gawain ng mga Sahaba رضي الله عنهم, naiulat tungkol kay A’isha na hindi siya naglalabas ng *Zakát* mula sa mga alahas ng mga ulila na nasa kaniyang poder, at walang naiulat na sumalungat sa kaniya kahit na isang Sahaba. Lumalabas na ang mga alahas na sinusuot ng babae o pinahiram ay walang *Zakát* والله أعلم. At isa sa mga patunay sa nabanggit, ang pagsuot ng alahas ay talamak at lantaran na nangyayari sa panahon ng Propeta صلى الله عليه وسلم, ngunit walang awtentikong Hadith ang naiulat hinggil sa bagay na ito.”

²¹ : ari-arian gaya ng lupain, at lahat ng may kaugnayan sa lupa gaya ng gusali, bukirin o katulad. Sa Ingles: *real estate*.

Samantala, ang mga bagay na inihanda upang pangkonsumo o paupahan tulad ng mga pingkas, sasakyan, makinang pangkonstruksiyon at ng katulad; wala itong *Zakát* ayon sa Hadith: “*Hindi obligado sa isang muslim na magbigay ng Zakát mula sa kaniyang alipin at kabayo.*” Bagamat, maglalabas siya ng *Zakát* sa bayad ng upa kapag umikot na ang isang taon.

Pampito: Hinggil sa Mga Pagbibigyan ng Zakát

Ang mga taong pagbibigyan ng *Zakát*, sa kanila mapupunta ang mga ibinigay na *Zakát*. Ang Alláh ﷻ mismo ang nag-atas ng mga pagbibigyan nito:

﴿ إِنَّمَا الصَّدَقَتُ لِلْفُقَرَاءِ وَالْمَسْكِينِ وَالْعَمِلِينَ عَلَيْهَا وَالْمَوْلَةَ قُلُوبُهُمْ وَفِي الرِّقَابِ وَالْغَرَمِينَ
 وَفِي سَبِيلِ اللَّهِ وَأَبْنِ السَّبِيلِ فَرِيضَةً مِّنَ اللَّهِ وَاللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿٦٠﴾ ﴾

“Ang *Zakát* ay tanging para sa mga dukha, mahihirap, inatasang tagatipon, mga nais ipalapit ang kanilang mga kalooban sa Islam, alipin ng digmaan (*Jihad*), baon-sa-utang, sa landas ng Alláh ﷻ, at sa manlalakbay; bilang isang obligasyon na inutos ng Alláh ﷻ. Siya si ‘Alím (عَلِيمٌ) – ang may tigib na kaalaman, at Siya si Hakím (حَكِيمٌ) – ang may taglay ng sukdulang dunong at ganap na batas.”

Sila ang walong uri ng tao na pagbibigyan ng *Zakát*:

- I. **Dukha;** sila ang mga taong hirap na hirap matagpuan ang kanilang pangangailangan sa loob ng kalahating taon, makakita man sila ngunit hindi ito sapat. At kapag ang isang tao ay walang pantustos sa kaniyang sarili at pamilya sa loob ng kalahating taon; siya ay bibigyan ng *Zakát* na kakasya sa kanilang pangangailangan sa loob ng isang taon.
- II. **Mahihirap;** sila ang mga taong hirap matagpuan ang kanilang pangangailangan sa loob ng kalahating taon, makakita man sila, ito ay sapat lamang. Ngunit hindi sapat sa natitirang kalahating taon. Sila ay bibigyan ng *Zakát* na kakasya sa kalahating taon na pangangailangan.
 At kapag may isang taong mahirap, ngunit mayroon pang hanapbuhay, trabaho, sweldo, o pagkakataon na mapagkukunan upang mapunan ang kanilang pangangailangan; siya ay hindi na bibigyan ng *Zakát*, batay sa sinabi ng Propeta ﷺ: “Walang karapatan sa *Zakát* ang isang mayaman at wala ring karapatan ang isang malakas na mayroong mapagkukunan.”
- III. **Tagatipon;** sila ang mga inatasan ng pinuno na mangolekta ng *Zakát*, mamahagi nito sa mga kinauukulan nito at mangalaga sa mga ito. Sila ay bibigyan katumbas ng kanilang gawain at trabaho, kahit pa sila ay mayayaman.
- IV. **Nais ipalapit ang kanilang mga kalooban sa Islam;** sila ang mga pinuno ng mga tribo o grupo na mahihina ang pananampalataya (*Imán*). Sila ay bibigyan nito upang tumibay ang kanilang *Imán* at upang manghikayat sila sa relihiyong Islam at maging mabuting halimbawa sa kanilang nasasakupan.

Ngunit kapag ang isang muslim ay may mahinang *Imán*, datapwat hindi kabilang sa mga pinuno, nararapat ba siyang bigyan ng *Zakát* upang lumakas ang kaniyang *Imán*?

May mga Ulama na nakikitang dapat lang siyang bigyan nito; dahil ang kabutihan ng kaniyang relihiyon ay mas mainam kaysa kabutihan ng kaniyang kalusugan. Kapag ang isang dukha ay bibigyan upang lumakas ang kaniyang katawan, hindi ba't ang bigyan ang isang may mahinang *Imán* upang lumakas ito ay mas nararapat at mas may-pakinabang?

Ang ibang Ulama naman ay taliwas sa una; dahil ang kabutihang maidudulot ng *Zakát* sa kaniya ay pansarili lamang at hindi pangkalahatan (na siyang inaasahang maidudulot sa mga naturang pinuno).

V. Alipin ng dimaan; at kabilang din ang pagbili ng alipin gamit ang *Zakát*, pagpapalaya sa kanila, pagtulong sa kanilang upang makalaya sa kanilang amo, at pagpiyansa sa mga bihag na muslim.

VI. Baon-sa-utang; sila ang mga nalubog sa pagkakautang at walang pambayad. Sila ay bibigyan nito na mag-aahon sa kanilang pagkalubog sa utang, marami man ito o kaunti. At kahit pa may sapat silang pagkain, ngunit wala silang pambayad sa kanilang utang; bibigyan pa rin sila upang makabayad.

Hindi maaaring sabihin ng nagpautang sa isang dukha na may-utang sa kaniya: “Bayad na siya sa kaniyang utang.”; dahil iniisip niya na ang bagay na sana ay pambayad nito sa utang ay ibibigay niya na lamang bilang *Zakát* para sa kaniya.

Nagkaroon ng iba't ibang pananaw ang mga Ulama sa usapin na “Kung ang may-utang ay ang tatay at ang magbibigay ng *Zakát* ay ang anak, at *vice versa*; maaari niya bang ibigay ang *Zakát* sa kaniya?” At ang tama ay maaari niyang ibigay ang *Zakát* sa kaniya.

At maaaring ibigay ng may-ari ng *Zakát* ang *Zakát* sa pinag-utangan kahit hindi ito alam ng may-utang, kung alam ng may-ari ng *Zakát* na wala itong pambayad sa kaniyang utang.

VII. Sa landas ng Alláh سُبْحَانَكَ وَبِحَمْدِكَ; ito ay ang *Jihád* sa landas ng Alláh سُبْحَانَكَ وَبِحَمْدِكَ. Bibigyan ang mga mandirigma ng *Jihád* ng *Zakát* na sapat sa kanilang pakikidigma, at pambili ng mga kagamitan nila para rito.

At kabilang sa landas ng Alláh سُبْحَانَكَ وَبِحَمْدِكَ ang pagsasaliksik ng kaalaman hinggil sa Islam; bibigyan din ang isang mag-aaral ng *Zakát* na sapat sa kaniyang pangangailangan. Maliban na lamang kung mayroon siyang sapat na kayamanan upang matugunan ang kaniyang sariling pangangailangan sa pagsasaliksik.

VIII. Manlalakbay; siya ang nawalan ng pantustos upang maipagpatuloy ang paglakbay. Siya ay bibigyan ng *Zakát* upang makarating sa kaniyang patutunguhan.

Sila ang mga taong pagbibigyan ng *Zakát*. Sila ang mga binanggit ng Alláh ﷻ sa *Qur-án* at nagsabing ito ay obligasyon na mula sa Kaniya dulot ng Kaniyang ganap na kaalaman at dunong. Siya si 'Alím (عَلِيمٌ) at si Hakím (حَكِيمٌ).

Hindi maaari na gamitin o ibigay ito sa mga hindi nabanggit, tulad ng pagpapatayo ng mga masjid, pag-ayos ng mga daan; dahil binanggit ng Alláh ﷻ ang pagbibigyan nito sa tukoy na bilang lamang na nagsasaad na hindi ito maaaring gamitin bukod sa walong nabanggit.

At kapag pinagnilayan natin ang mga bagay na patutunguhan ng *Zakát*, mapag-aalaman natin na ang ilan sa mga ito ay nangangailangan mismo ng *Zakát*, at ang ilan ay kailangan mismo ng mga muslim. At dito natin mapagtatanto ang mga dunong na nakatago sa pagsabatas ng *Zakát*. At kabilang sa mga dunong na ito, ang pagtayo ng isang maayos na komunidad at nagkakaisa sa abot ng makakaya, hindi isinantabi ng Islam ang kayamanan at kabutihan na dulot nito, at hindi niya pinabayaan ang likas na katangian ng tao sa kayamanan, bagkus itinuro sa atin ang kabutihan at ang magpapabuti sa kamusliman.

وَالْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ

Pangwalo: Hinggil sa Zakátul Fitr

Ang *Zakátul Fitr* ay isang obligasyon na isinabatas ng Propeta ﷺ sa pagtatapos ng puása sa Ramadan. Sinabi ni Abdullah Bin Umar رَضِيَ اللهُ عَنْهُ: “Inobliga ng Propeta ang *Zakátul Fitr* sa Ramadan sa lahat ng muslim (alipin, malaya, lalake, babae, bata at matanda).” – pinagkasunduan nina Bukhari at Muslim.

Ito ay isang gantang ng pangunahing pagkain ng mga tao. Sinabi ni Abu Sa'id Alkhudriy رَضِيَ اللهُ عَنْهُ: “Sa panahon ng Propeta ﷺ, naglalabas kami ng isang gantang ng pagkain sa araw ng *Eidul Fitr*. Ang pangunahing pagkain namin ay ang sebada²², pasas²³, pinatigas na gatas at datilero.” — inulat ni Bukhari.

Kaya, hindi maaari ang paglabas ng pera, higaan, damit, pagkain ng mga hayop, o anumang gamit; dahil salungat ito sa inutos ng Propeta ﷺ²⁴, at sinabi ng Propeta ﷺ: “Sinuman ang gumawa ng bagong pamamaraan na hindi kabilang sa aking pamamaraan, ito ay hindi katanggap-tanggap.”

Ang sukat ng gantang ay ***dalawang kilo at apatnapung gramo*** ng katamtamang butil ng trigo²⁵. Iyan ang sukat ng gantang ng Propeta ﷺ na sukat ng *Zakátul Fitr*.²⁶

Wajib ang paglabas ng *Zakátul Fitr* bago ganapin ang *Salátul Eid*. Ang pinakamainam ay ang pagbigay nito sa araw mismo ng *Eid* bago ganapin ang *Saláh*. At maaaring ibigay ito

²² :butil ng halamang butil na pinagkukunan ng *malt* para sa paggawa ng *whisky* at serbesa. Sa Ingles: *barley*.

²³ :pinatuyong ubas. Sa Ingles: *raisin*.

²⁴ Sinabi ni Sheikh Salih Bin Abdullah Al-Usaymi رحمه الله: “Ang paglabas ng pera bilang *Zakátul Fitr* ay hindi *Sunnah*, ngunit maaari kung kinakailangan, tulad ng pananaw ni Abu Hanifa at naiulat na ito rin ang pananaw ni Ahmad, at ito ang pinatutunayan ng mga daril at katibayan.”

²⁵ Sa Ingles: *wheat*.

²⁶ Sinabi ni Sheikh Abdullah Bin Sulayman AlManí رحمه الله sa kaniyang aklat na

“Pag-aaral sa Islamikong Transpormasyon ng Makalumang Sukat at Timbang Tungo sa Makabagong Sukat at Timbang”: “Pinag-aralan ng *Committee for Research and Fatwa ng Saudi Arabia* ang sukat ng gantangan ng Propeta ﷺ sa kilogramo. At ang pag-aaral na ito ay batay sa kaalaman na ang isang gantang ng Propeta ﷺ ay tumutumbas sa apat na tigdalawang dakot (*Mudd*)— at ang dalawang dakot ay dami ng laman ng dalawang nakatikom na magkadikit na palad ng katamtamang tao —, at sa huli ay humantong ang pag-aaral sa dalawang dakot ng katamtamang tao na tumutumbas sa modernong timbang sa tinatayang 650 gramo. Kung kaya, ang isang gantang ng Propeta ﷺ ay tumutumbas sa 2,600 gramo = 2.6 kilogramo (650x4=2600).

At kabilang sa magpapatunay sa naturang timbang ay ang sinabi ni Phd Muhammad Alkháruf na sinabi ni Maqrizi mula kay Sheikh 'Azfi ang kaniyang pahayag: "Sinubukan namin ang kinikilalang dalawang dakot sa iba't ibang tao, at nalaman namin na ang dalawang palad na malalapad ay sobra at ang dalawang palad na katamtaman ay sakto lang."

At ang kinikilang *Fatwa* ay yaong nanggaling mula kay Sheikh Bin Báz رحمه الله (Vol. 59,p. 179) at maging sa lahat ng kaniyang *Fatwa* na ang isang gantang ng Propeta ﷺ ay tinatayang **3 kilogramo**. (Tingnan ang *Fatawal Lajnah*, vol.9 p. 371, *Fatwa* no. 12572) والله أعلم."

isang araw o dalawang araw bago ang araw ng *Eid*. At hindi ito katanggap-tanggap pagkatapos ng *Saláh*; batay sa Hadith ni Ibn Abbás رضي الله عنه na inobliga ito ng Propeta صلى الله عليه وسلم: “*Ang Zakátul Fitr ay kalinisan para sa isang nag-aayuno mula sa walang-katuturang mga salita at gawa, at ito ay pagkain para sa mga mahihirap. Ang sinumang nagbigay nito bago ang Saláh; ito ay katanggap-tanggap. At sinuman ang nagbigay nito pagkatapos ng Saláh; ito ay isang Sadaqa at kawanggawa.*” — inulat nina Abu Dawud at Ibn Májah. Ngunit kapag nakalimutan niyang magbigay at naalala niya pagkatapos ng *Saláh*, o naroon siya sa isang lugar na walang tao na pagbibigyan nito; maaari pa siyang magbigay kahit pagkatapos ng *Saláh*.

والله أعلم وصلى الله وسلم على نبينا محمد وآله وصحبه.²⁷

²⁷ Natapos ang pagsasalin sa loob ng labintatlong araw mula sa 03 Rajab 1439H; 11:00pm hanggang 16 Rajab 1439H; 11:0am sa bayan ng Brooke’s Point, Palawan. (Awtor)